

Tagalog
タガログ語

Manual Etiquette para sa pamumuhay ng mga dayuhang residente

~ Para makaiwas sa gulo ~



Iba-iba ang ugali at alituntunin ng buhay sa Japan at sa ibang bansa .
Kung hindi mo alam ang mga asal at tuntunin, maari kang magkaroon ng gulo o masangkot sa krimen.

Alamin ang mga kaugalian at panuntunan ng Hapon upang matiyak ang kaligtasan at ligtas na buhay.

Bayan ng Toyohashi

Mga kaugalian at tuntunin ng pang-araw-araw na buhay

Kapag hindi mo alam ang mga patakaran, tanungin ang iyong ahente ng real state o ang may ari

Kapag nagrenta ng apartment

- Ang umuupa lamang ang maaring tumira sa property.
- hindi mo ito maipapahiram sa iba.
- kung lumipat ka ng tirahan, kailangan mong kanselahin ang iyong kontrata.
- Hwag mag-iwan ng mga bagay sa mga pampublikong lugar (Tulad ng koridor, hagdanan at iba pa.
- Mangyaring panatilihin malinis ang iyong silid. Kapag umalis ka, ibalik itong malinis.



Kung hindi ka sumusunod sa patakaran, maari kang mapaalis.

- Hwag mag-iwan ng basura o mga bagay na nasusunog sa paligid ng bahay.

Maaari itong malipad ng hangin at magdulot ng sunog.

- Maingay
- Nagkukwentuhan sa hallway o sa balcony.
- Magpatugtog ng malakas na musika.
- Pagbabarbecue sa beranda.
- Ang pagbabarbecue ay gumagawa ng maraming usok at maaari itong gumawa ng gulo sa ibang residente. (Sobrang usok at amoy.)

Magdudulot ito ng gulo sa ibang residente.

May mga alituntunin na sinusunod sa mga lugar na maaaring gamitin tulad ng parke, mangyaring sundin ito alinsunod sa ipinatutupad.



Gabi man o araw mangyaring mag-ngat lalo na sa madaling araw.



Maaaring dumating ang pulis at babalaan ka.

- Huwag pumasok sa mga bakanteng lote o field ng walang pahintulot.
- Mangyaring huwag itong gamitin ng walang pahintulot.

Kung papasok o gagamitin ito ng walang pahintulot magkakaroon ka ng trouble sa may-ari ng lupa.

Maaari kang maparusahan.


- Kapag lalabas ka, siguraduhing i-lock ang mga pinto ng iyong bahay.
- Panatilihin naka lock ang pinto kahit nasa bahay ka.

Kung hindi mo isasara ang iyong pinto, nanganganib kang maging biktima ng krimen.



Kahit na panandalian ka lang lalabas ng bahay (pagtatapon ng basura at iba pa,) siguraduhing i-lock ang pinto.

Mga kaugalian at tuntunin sa pagtatapon ng basura



- May mga tuntunin sa pagtatapon ng basura.
 - ① 「Nasusunog」 「Nadudurog」 「Pagkain」 Mangyaring gumamit ng itinalagang bag ng basura. Mabibili ito sa convenience store at supermarket. Walang ibang uri ng bag ang maaaring gamitin.
 - ② Mangyaring itapon ito sa itinalagang lugar bago mag 8:30 ng umaga sa itinakdang araw.
- Huwag itapon sa kalsada o mga bakanteng lote.

Ito ay maaaring humantong sa reklamo at problema mula sa mga residente.

Kung magtatapon ka sa kalye, dudumi ang lungsod.

- Kapag magtatapon ng malalaking basura, dapat kang mag-apply. (Hindi ito maaaring ilabas sa istasyon ng basurahan.)

Makikita mo ang mga patakaran para sa pagtatapon ng basura sa iyong guidebook.

Maaari ding tingnan ang guidebook gamit ang smartphone at tablet app na "San-R."




Pambahay na guidebook para sa basura



App Store



Google Play



Halimbawa ng malalaking basura

Mesa

Kama



Microwave oven

Mga panuntunan sa part-time na trabaho (Para sa mga internasyonal na mag-aaral at miyembro ng pamilya)

- Kapag kumuha ng part-time na trabaho, siguraduhing suriin nang maaga ang mga oras ng trabaho, sahod, nilalaman ng trabaho, atbp.



- Kung ang katayuan ng iyong paninirahan ay "mag-aaral" o "Dependent", maaari kang magtrabaho nang hanggang 28 oras bawat linggo.
- Kung ang katayuan ng iyong paninirahan ay "Mag-aaral", maaari kang magtrabaho hanggang 8 oras sa isang araw sa mahabang bakasyon sa paaralan tulad ng bakasyon sa tag-init.
- Ang part-time sa mga adult entertainment establishment ay Ipinagbabawal. (Halimbawa: pub, game center, pachinko at iba pa.)

Anumang paglabag ay maaaring magresulta ng deportasyon.

Kahit hindi mo alam na nagtrabaho ka sa isang adult entertainment ay maaari ka pa rin maparusahan.



「Pahintulot na makisali sa mga aktibidad maliban sa pinahihintulutan ng status of residence」 ay kinakailangan. Maaari kang mag-apply sa Immigration Services Agency.



Etiketa at tuntunin sa pagmamaneho

- Kinakailangan mo ng lisensya sa pagmamaneho. Kinakailangan ng lisensya na maaring gamitin sa bansang hapon.
- Laging mag seatbelt.

Ang magmaneho ng walang lisensya ay maaring maparusahan.

- Kapag maglalakbay kasama ang mga batang wala pang 6 na taong gulang, mangyaring gumamit ng seatbelt.

Maghanda ng upuan ng bata ayon sa laki ng iyong anak



- Siguraduhing sundin ang ilaw trapiko.
- Mapanganib ang magpatakbo ng mabilis kaysa sa legal na limitasyon. Maging maingat sa pedestriyan at bisekleta.
- Huwag pumarada sa paradahan ng ibang tao o sa mga pampublikong kalsada ng walang pahintulot.

Ang mapanganib na pagmamaneho at hindi pagsunod sa mga patakaran ay maaring magresulta ng pinsala sa mga pasahero o pedestriyan

Ang hindi sumusunod sa mga patakaran ng pagmamaneho at paradahan ay maaring parusahan.



- Bawal uminom ng alak kapag magmamaneho
- Ipinagbabawal ang paggamit ng smartphone o mobile phone habang nagmamaneho.

Ang pagmamaneho nang hindi sumusunod sa mga patakaran ay maaring parusahan.



- Kung nasangkot ka sa isang aksidente o nagdulot ng aksidente, makipag-ugnayan sa pulisya. (☎ 110) ang tawagan
- Kung may nasugatan tumawag ng ambulansya. (☎ 119) ang tawagan

Huwag subukang lutasin ang problema ng iyong sarili lamang, humingi ng tulong sa mga nakapaligid sa iyo.

- Sumali sa mga boluntaryong insurance upang handa sa mga aksidente.

Sa ilang mga kaso, maaaring saklawin ng boluntaryong insurance ang mga pinsalang hindi sakop ng compulsory automobile liability insurance (tulad ng pinsala sa iyong sasakyan at sasakyan ng kabilang partido)



Etiketa at panuntunan ng pagbibisikleta

- Ang mga bisikleta ay dapat na nakarehistro para sa anti crime registration.
- Kapag tumatanggap o magbibigay ng bisikleta, kakailanganin mong baguhin ang rehistro .
- Kapag itinapon mo ang iyong bisikleta, dapat mong kanselahin (burahin) ang "pagparehistro ng anti crime registration." Ito ay kinakailangan.


防犯登録
01-ア-23456
愛知県警察

Magagawa ito sa isang tindahan ng bisikleta.



Kung hindi mo ito irehistro, ito ay paghinalaan bilang ninakaw.

- Siguraduhing sundin ang mga senyales ng traffic lights
- Manatili sa kaliwang bahagi ng kalsada.
- Patakbuhan natin sa isang line.
- Huwag magbisikleta sa tabi ng bawat isa.
- Ipinagbabawal ang dalawa ang sakay(angkas) habang nagbibisikleta.
- Ipinagbabawal ang pagbibisikleta kapag nakainom ng alak.
- Ipinagbabawal ang magbisikleta habang nakikinig ng malakas na musika gamit ang earphones, atbp.
- Ipinagbabawal na magbisikleta habang gumagamit ng smartphone o mobile phone.
- Ipinagbabawal ang magpayong habang nagbibisikleta.
- Delikado ang sobrang bilis magbisikleta. Maging maingat sa mga pedestrian at sasakyan.
- Buksan ang mga ilaw sa gabi.



Ang mapanganib na pagbibisikleta at hindi sumusunod sa mga patakaran ay maaaring makapinsala sa mga naglalakad.

Ang pagbibisikleta nang hindi sumusunod sa mga patakaran ay maaaring maparusahan.


- Magsuot ng helmet.
- Dapat kang kumuha ng insurance sa pananagutan ng bisikleta.



Tinutulungan ka nitong protektahan ang iyong sarili at paghandaan kapag nasaktan mo ang ibang tao.



Kung gusto mong mag-aplay para sa insurance sa pananagutan ng bisikleta, maaari mo itong gawin sa alinmang tindahan ng bisikleta na may markang TS.



- Kung makakita ka ng naka-unlock na bisikleta sa kalye, hindi mo dapat kunin ito.
- Mangyaring iparada ang iyong bisikleta sa tamang paradahan.



Ang pagsakay sa bisikleta ng ibang tao nang walang pahintulot ay isang krimen.

Kung iparada mo ang iyong bisikleta sa isang lugar maliban sa paradahan ng bisikleta, aalisin ito.



Iba pang etiquette at panuntunan

- Hindi mo dapat ipahiram ang iyong residence card o national health insurance card sa sinuman.
- Huwag ibigay ang iyong bank account sa iba.
- Huwag mga-post ng anumang bagay na naglalaman ng personal na impormasyon sa social media/SNS.



Maaaring masangkot ka sa isang krimen.

Baka maparusahan ka.

Kahit na hindi mo alam ang mga patakaran, mapaparusahan ka. Kinakailangang mag-ingat.



Kapag naninigarilyo

- Usok sa mga itinalagang lugar (mga lugar sa paninigarilyo).
- Mangyaring iwasan ang paninigarilyo habang naglalakad.
- Huwag itapon ang upos ng sigarilyo sa kalsada

Delikado ang manigarilyo sa matataong lugar o kapag malakas ang hangin. Baka makasakit ka ng ibang tao. Palaging mag-ingat.

- Hindi maaaring magdala ng mga mapanganib na bagay tulad ng kutsilyo, kahit na ito ay para sa iyong sariling proteksyon.



Ito ay ipinagbabawal ng batas ng Hapon.

Baka maparusahan ka.



Kung hindi ka sigurado tungkol sa mga pamamaraan o paraan ng pagbabayad, mangyaring magtanong sa iyong city hall.



Buklet ng Buwis



Kalendaryo ng Buwis

- Ang health insurance sa hapon ay ipinatutupad. (mandatory)
- Siguraduhing magbayad ng mga buwis, National Health Insurance, at National Pension sa takdang araw.

Kung hindi ka magbabayad, maaaring hindi mo mai-renew ang iyong katayuan sa paninirahan o maaaring ikaw mismo ang magbayad ng buong halaga ng mga medical bayarin.

Inirerekomenda namin ang paggamit ng bank transfer upang maiwasan ang pagkalimot sa pagbabayad

Ang direktang pag-debit ng mga buwis at pambansang insurance na pangkalusugan ay maaaring isaayos sa mga institusyong pampinansyal at mga post office ng lungsod.

Sumali sa National Health Insurance sa panahon na wala kang social insurance.

Kapaki-pakinabang sa pagtingin ng impormasyon

Gumawa kami ng impormasyon na magiging kapaki-pakinabang sa iyong pang-araw-araw na buhay. Mangyaring i-scan ang dalawang-dimensional na barcode upang tingnan

SNS

Para sa mga dayuhang naninirahan sa Toyohashi City, Nagbibigay kami ng impormasyon ng city hall at impormasyon ng kaganapan sa iba' t ibang wika



Multicultural at
International
Affairs Division



Toyohashi City
International
Association



Toyohashi Homepage

Ito ang homepage ng Toyohashi City. Maari mong basahin ang mga pahina para sa mga dayuhang residente sa iba' t ibang wika.



Public Relations Toyohashi

“Toyohashi Public Relations” na inilathala ng Toyohashi City Mababasa ito sa maraming wika.



Impormasyon tungkol sa Kalamidad

Maaari kang makatanggap ng impormasyon sa paglikas ng bagyo, lindol, at malakas na ulan sa pamamagitan ng email. Mangyaring magparehistro.



Mga Klase sa Wikang Hapones

Inilista naming ang mga klase sa wikang Hapon sa Toyohashi City.



あいう
えお



Kung mayroon kang anumang problema, mangyaring kumonsulta

Mga pangunahing punto na dapat isaalang-alang kapag kumukonsulta. Kapag kumonsulta, magandang ideya na maghanda ng memo nang maaga kung ano ang iyong inaalala, kung ano ang gusto mong itanong, at kung ano ang gusto mong ipaalam.

Sa kaso ng emerhensiya, ang ilang mga wikang banyaga ay magagamit din. Wala itong bayad.

Sa kaganapan ng isang insidente o aksidente

☎ 110



Tumawag ng pulis

Sa kaso ng sunog o biglaang pagkakasakit

☎ 119



Sunog o sakuna: Tumawag ng bombero.
Biglaang pagkakasakit o pinsala: Tumawag ng ambulansya

Kung sakaling magkaroon ng sakuna, maaari kang makipag-usap sa isang interpreter sa telepono (sa 21 na wika). Wala itong bayad.

☎ 0120-941-482 ※Magagamit ito mula Abril 1, 2025.

Kapag may gusto kang ikonsulta

Kung hindi ka sigurado tungkol sa pagtanggap ng tulong sa Japanese, maaari kang makakuha ng tulong sa Toyohashi International Association (INFOPIA). Ang mga kawani na nakakapagsalita ng mga banyagang wika ay handang sagutin ang anumang mga katanungan na maaaring mayroon ka. Maaari kang pumunta nang direkta at kumonsulta sa kanila. Maaari ka ring kumonsulta sa pamamagitan ng telepono .

Toyohashi City International Association (INFOPIA)

○ oras /araw-araw 9:00~17:00 【holiday : Mga pista opisyal, mga pista opisyal ng Bagong Taon (12/29~1/3)】

○tel: 090-1860-0783 Ingles, Tagalog at iba pang wika
080-3635-0783 Portuges

○Mangyaring suriin ang website para sa mga detalye tulad ng lokasyon.

Hindi ko alam kung saan ako hihingi ng tulong, hindi ko mabasa ang sulat na natanggap, atbp.



Website ng Toyohashi City International Association

Kapag gusto mong malaman ang tungkol sa mga pamamaraan sa city hall

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa mga pamamaraan sa city hall, magyaring makipag-ugnayan sa Toyohashi City Multicultural Coexistence and International Affairs Division. Maaari kang magtanong sa mga wikang banyaga.

Toyohashi City Citizen Collaboration Department · Multicultural Coexistence and International Affairs Division

○ oras/mon~fri 9:00~17:00 ※ Nag-iiba ayon sa wika

【holiday : sat · sun Mga Piyesta Opisyal, Bagong Taon (12/29~1/3)】

○tel: 0532-54-8205 Portuges

0532-51-2023 Japanese, English, Tagalog, Vietnamese, Indonesian



Interpreter ng Toyohashi City Hall